

# MODEL LESSON PLANS

## FILIPINO NATIONAL LANGUAGE

### I. PAG-AARAL: MGA SALITANG PANGALAN

I. LAYUNIN: Upáng málaman ang kabuluhán ng iláng salitáng pangalan at magamit ang mga itó nang wasto.

II. PAKSANG-ARALIN: Salitáng pangalan:

babae—*woman*
lalaki—*man*
bata—*child*
halaman—*plant*

III. PARAAN NG PAGTUTURO:

A. Pamamaraán—

Ipakita ang larawan ng isáng babae. Tawagin ang iláng mga nag-áaral, ipaturo ang larawan at ipabigkás sa kanilá, pagkatapos ninyóng mabigkás ang salitáng: "Babae."

Ipakita ang ibáng larawan ng isáng pamilya na may isáng babae. Subukin kung máituturo ng mga nag-áaral ang babaing nároon. Sabihin ninyóng: "Ituro ninyó ang babae sa larawang itó at sabáy na sabihing *babae*."

Ituro ang "lalaki" at "bata" sa ganitó ring paraán.

Ipakita ang isáng tunay na halamang nasa-silíd. Sabihin ninyóng: "*Halaman*." Ipasabi sa mga nag-áaral ang salitáng *halaman*. Sabihin ang: "*Ituro mo ang halaman*." Ipagawa itó sa iláng nag-áaral at ipasabing sabáy-sabáy ang salitáng *halaman*. Bayaang ang iláng nag-áaral ay humingi sa kaniláng kamag-aaral na humanap ng ibáng halaman sa silíd at sabihing "*halaman*" kasabáy ang pagtuturo. Mag-utos ng: "*Humanap ka ng ibáng halaman sa silíd*." Ang mga nag-áaral ay turuang magsabi ng: "*Itó ay halaman*."

B. Laróng Pagbibigáy ng Pangalan o Pagtuturo sa Bagay:

Bayaang ang mga nag-áaral ay humanap, hanggáng makákita ng mga larawan ng *babae, lalaki, bata* at *halaman* sa loób ng silíd. Sabihin ang: "*Ituro mo ang lahát ng mga larawan ng babae sa silíd*."

Bayaang ang isáng nag-áaral ay mag-utos sa kanyáng kamag-aaral na humanap ng mga gayón ding bagay at sabihin ang mga katumbás na salita sa Tagalog samantalang ang mga itó'y itinúturo.

Baguhin ang laro upáng ang isáng nag-áaral ay siyáng magturo lamang sa larawan samantalang ibá ang nagbíbigáy ng pangalan sa Tagalog ng bagay na itinúturo.

### II. PAG-AARAL: MGA SALITANG PANG-URI

I. LAYUNIN: Upang máunawaan ang kahulugán at kagamitán ng mga salitáng sumúsunód: *magandá, malakí,* at *maliít.*

II. PAKSANG-ARALIN:

*magandá*
*malakí*
*maliít*

III. PARAAN NG PAGTUTURO:

A. Pamamaraán—

Pumili ng isáng malakíng batang babae sa klase. Sabihin ninyóng "*Ang batang babaing itó ay malakí*." Gayón din, pumili ng isáng malakíng batang lalaki at sabihing "*Ang batang lalaking itó ay malakí*."

Pagkatapos, pumili ng isáng maliít na batang babae at sabihing "*Ang*

*batang babaing itó ay maliít.*" Ituro ang isáng silya at sabihing "*Ang silyang itó ay maliít.*"

Ganitó rin ang gawín sa isáng *lapis* at sabihing "*Itó ay isáng maliít na lapis.*" Ipakita ang larawan ng isáng magandáng bata. Sabihing "*Ang batang itó ay magandá.*"

Ipakita ang larawan ng isáng magandáng babae at ng isáng magandáng bahay at sabihing:

"*Ang babae ay magandá.*"
"*Ang bahay ay magandá.*"

B. Laro—Pagbibigáy ng Pangalan—

Ituro ang iláng malalakí at maliliít na bagay sa loób ng silíd (isá-isá lamang). Kasabáy ng pagtuturo sa mga bagay, ang mga nag-áaral ay magsásabi ng sumúsunód, sang-ayon sa itinúturo:

"*Maliít na silya*"
"*Maliít na lapis*"
"*Batang maliít*"
"*Batang malakí*"
"*Bahay na maliít*"
"*Malaking bahay*"

Pará sa salitáng *magandá*, bayaang pumili ang mga nag-áaral ng mga larawan ng magagandáng bagay at mga tao. Ipasabi sa kanilá ang:

*Magandáng babae*
*Bahay na magandá*
*Batang magandá*
*Magandáng bata*

## III. PAG-AARAL: MGA PANDIWA

I. LAYUNIN: Upáng málaman ang kahulugán at kagamitán ng iláng pandiwa, katulad ng *lumálakad* at *tumútubo.*

II. PAKSANG-ARALIN: Mga pandiwa (*Mga salitáng nagsásaád ng galáw at kilos.*)

lumakad—*walk*
lumálakad—*walking*
tumubo—*grow*
tumútubo—*growing*

III. PARAAN NG PAGTUTURO:

A. Pamamaraán—

a. Gawín muna ang sinásabi ng pandiwa. Sa pagtuturo ng salitáng *lumálakad*, sabihin ninyó samantalang kayó ay lumálakad: "*Akó ay lumálakad.*" Iutos sa iláng nag-áaral (isá-isá lamang) na parisan ang inyóng ginawa at ulitin ang inyóng sinabi. Iutos sa kaniláng gawín ang sinásabi ng mga sumúsunód: "*Lumakad ka, José.*" "*Rosa, lumakad ka,*" atb.

b. Sa pagtuturo ng salitáng *tumútubo*, ipakita ang isáng halamang nasa-paso. Sabihing "*Ang halaman ay tumútubo.*" Pagkatapos, padungawin ang mga nag-áaral. Ituro ang mga halamang nasa-hardín o kalye at sabihing "*Ang mga halaman ay tumútubo.*" Iutos sa iláng nag-áaral na hawakan ang pasóng may halaman at ipasabing "*Ang halaman ay tumútubo.*"

B. Pagsasanay—Isáng Laro sa Paglakad—

a. Ang guro ay mag-úutos sa iláng nag-áaral (isá-isá lamang) ng:

"*Lumakad ka, Pedro.*"
"*Lumakad ka, José.*"
"*Rosa, lumakad ka.*"

Samantalang bawa't nag-áaral ay sumúsunód sa utos, siyá ay magsásabi ng: "*Akó ay lumálakad*" o "*Lumálakad akó.*"

b. Ang mga nag-áaral ay mag-úutos sa kaniláng kamag-aaral ng:

"*Juan, lumakad ka.*"
"*Paula, lumakad ka hanggáng sa bintana.*"

Samantalang ang mga nag-áaral ay sumúsunód sa mga utos, utusan ang mga ibáng nag-áaral na sabihin kung anó ang ginágawa ng kaniláng mga kamag-aaral katulad ng:

FOR MODERN OPTICAL NEEDS—SEE KEEPSAKE OPTICAL—80 Escolta

*"Lumálakad si Juan"* o *"Si Juan ay lumálakad."*
*"Si Paula ay lumálakad hanggáng sa bintana."*

k. Sa pagsasanay ng salitáng *tumútubo*, utusan ang mga nag-áaral na humanap sa buntón ng mga larawan noóng mga naglálarawan ng *"Ang halaman ay tumútubo."*

IV. PAG-AARAL: MGA PARIRALA

I. LAYUNIN: Upáng makagamit sa mga pariralang maiikli ng pangalan, pang-uri, at pandiwang ginamit na sa mga nakaraáng pag-aaral bilang paghahanda sa pagbuo ng pangungusap.

II. PAKSANG-ARALIN

A. *Ang* (Pantukoy na tiyák at isahan)—

1. *ang babae*
*ang lalaki*
*ang bata*
*ang halaman*

2. *ang magandáng babae*
*ang magandáng halaman*
*ang malakíng lalaki*
*ang maliít na bata*

3. *ang babaing lumálakad*
*ang lalaking lumálakad*
*ang batang lumálakad*
*ang halamang tumútubo*

B. *Ang mga* (Katagáng pangmáramihan na karaniwang isinásama sa mga pantukoy na ísahan)—

1. *ang mga babae*
*ang mga lalaki*
*ang mga bata*
*ang mga halaman*

2. *ang mga magandáng babae*
*ang mga magandáng halaman*
*ang mga magandáng lalaki*
*ang mga maliít na bata*

3. *ang mga babaing lumálakad*
*ang mga lalaking lumálakad*
*ang mga batang lumálakad*
*ang mga halamang tumútubo*

III. PARAAN NG PAGTUTURO:

A. Mga Pangalan—

Ipakita ang isáng larawan ng babae at sabihin ninyóng *"Ang babae."* Ipaulit sa iláng nag-áaral ang pariralang *"ang babae"*, samantalang ipinakíkita ninyó ang larawan. Ilagáy ang larawan sa sálalayán ng pisara. Isá-isáng papuntahín ang mga nag-áaral sa sálalayán. Samantalang hawak ng isáng nag-áaral ang larawan, ipasabi sa kanyá ang: *"Ang babae."*

Ipakita ang ibáng larawang may mga babae at sabihin ninyóng *"Ang mga babae."* Utusan ang isáng nag-áaral na hawakan ang larawan sa harapán ng klase samantalang sinásabing *"Ang mga babae."* Ipaulit itó sa maraming nag-áaral hanggáng maáari.

Hawakan ang isáng larawan sa harapán ng klase upáng mákilala ng mga nag-áaral sa pamamagitan ng pagsasabi ng *ang babae* o *ang mga babae*, sang-ayon sa larawan.

Ituro ng sumúsunód na mga parirala sa ganitó ring paraán:
*ang lalaki*
*ang bata*
*ang halaman*
*ang mga lalaki*
*ang mga bata*
*ang mga halaman*

Pagkatapos máibigáy ang lahát ng parirala, ilagáy ang mga larawan sa sálalayán ng pisara. Ipalaro sa mga nag-áaral ang sumúsunód:

1. Sabihin ang pariralang katulad ng *"ang mga halaman."* Isáng nag-áaral ang púpuntá sa sálalayán at pípili ng isáng larawang

kátatagpuán ng isinásaád ng pariralang *ang mga halaman.* Itátaás niyá ang larawan samantalang inúulit ang pariralang *"ang mga halaman."*

2. Utusan ang isáng nag-áaral na pumuntá sa sálalayán at pumili ng larawang kanyáng ibig. Ipakíkita niyá sa klase ang hawak niyáng larawan at ipakíkilala itó sa isáng nag-áaral sa pamamagitan ng pagsasabi ng pariralang angkóp dito.

B. Mga pang-uri

Alalahanin ang mga sumúsunód na pang-uring nápag-aralan na:

*magandá malakí maliít*

Ipabigkás sa mga nag-áaral ang pangalan ng mga bagay na nákikita nilang *magandá, malakí,* o *maliít.* Sa pamamagitan ng mga angkóp na larawan, tiyakín kung alám ng mga nag-áaral na ang salitáng *ang* ay pang-ísahan samantalang ang salitáng *ang mga* ay pangmáramihan.

*ang magandáng babae*
*ang magandáng halaman*
*ang malakíng lalaki*
*ang maliít na bata*
*ang mga magandang babae*
*ang mga magandáng halaman*
*ang mga malakíng lalaki*
*ang mga maliít na bata*

Isulat ang mga pang-uring sumúsunód na kasama ang mga puwáng:

........ magandang ........
........ maliít na ........
........ malakíng ..........
........ malakíng ..........
........ magandáng ........

Utusan ang mga nag-áaral na punán ng angkóp na mga salita ang mga puwáng sa pamamagitan ng pagbigkás, katulad ng mga sumúsunód:

*ang* magandáng *batá*
*ang mga* maliít na *halaman*
*ang* malakíng *babae*

K. Mga Pandiwa:

Alalahanin ang nakaraáng mga pag-aaral na may mga pandiwang nápag-aralan na, gaya ng mga sumúsunód:

*lumakad——lumálakad*
*tumubo——tumútubo*

Padungawin ang iláng nag-áaral. Ipasabi sa kanilá kung anó ang nákikita niláng lumálakad. Ipasabi rin ang mga sumúsunód:

*ang* o *ang mga batang lumálakad*
*ang* o *ang mga babaing lumálakad*
*ang* o *ang mga lalaking lumálakad*

Ituro sa mga nag-áaral ang mga bagay na tumútubo sa hardín. Ipasabi sa kanilá ang mga sumúsunód:

*ang* o *ang mga halamang tumútubo*
*ang* o *ang mga tumútubong halaman*

Ipasabi sa mga nag-áaral ang pangalan ng mga halamang tumútubo sa hardín. Ipasabi sa kanilá ang mga sumúsunód:

*ang* o *ang mga tumútubong saging*
*ang* o *ang mga tumútubong talóng*
*ang* o *ang mga tumútubong papaya*
*ang* o *ang mga tumútubong kamatis*
*ang* o *ang mga tumútubong kamote,* atb.

## V. PAG-AARAL: PAGBUO NG DIWA SA PANGUNGUSAP

I. MGA LAYUNIN:

A. Upáng magamit sa mga ganáp na pangungusap ang salita at pariralang nápag-aralan na.

B. Upáng magkaroón ng diwa sa pangungusap.

II. PAKSANG-ARALIN:

A. Mga salita at pariralang nápag-aralan na sa mga nakaraáng pag-aaral.

B. Mga pangungusap—

*Ang babae ay lumálakad.*
*Ang bata ay maliít.*

FOR MODERN OPTICAL NEEDS—SEE **KEEPSAKE OPTICAL**—80 Escolta

*Ang lalaki ay malakí.*
*Ang mga halaman ay tumútubo.*
*Ang mga bata ay magagandá.*

III. PARAAN NG PAGTUTURO.

A. Padungawin ang iláng nag-áaral at pagkatapos ay ipasabi sa kanilá ang mga bagay na kaniláng nákita. Itala ang mga salita at pariralang itó sa pisara, gaya ng mga sumúsunód:

*babae*
*lalaki*
*bata*
*halaman*
*mga babae*
*mga lalaki*
*mga bata*
*mga halaman*

B. Pagbuo ng pangungusap—
Ipasabi sa mga nag-áaral ang isáng bagay tungkól sa kaniláng nákita. Tulungan silá sa pamamagitan ng pagtatanóng, gaya ng:

*Anó ang nákita mo?*
*Anó ang ginágawa ng babae?*
*Maliít ba ang batang nákita mo?*
*Tumútubo ba ang halamang nákita mo?*

K. Pagsasanay—

a. Tapusin ng mga nag-áaral ang mga pangungusap na sinimulán ng guro.

Ang babae ay ——————.
Ang bata ay ——————.
Ang mga halaman ay ——————.
Ang mga bata ay ——————.

b. Isulat ang iláng mga salita upáng buuín ng mga ang-áaral sa ganáp na mga pangungusap.

ang bata
mga babae
magandáng halaman
maliít na bata
malakíng lalaki

k. Ipakita ang iláng mga pangungusap at mga parirala lamang, at iutos sa mga nag-áaral na piliin kung alín ang mga pangungusap.

*Ang mga lalaki ay lumálakad*
*Mga batang lalaki*
*Magandá ang babaing lumálakad*
*Ang mga batang maliít*
*Maliít na bata*

MENZI & CO., INC.

CEBU MANILA ILOILO

MANUFACTURERS OF THE FAMOUS

SEÑORITA
MARCA REGISTRADA
MENZI & C° INC

SCHOOL SUPPLIES and STATIONERY